

TSER

Maynard Manansala

SINOPSIS

Huling araw na ni Teacher Rose, o Tser, sa bakwit iskul, sa Maragusan. Hindi ito dahil tapos na ang klase kundi dahil sa palala nang palalang pandarahas na ginagawa, hindi lang sa mga Lumad kundi sa mga guro nila. Pagpasok ng klasrum—sa huling pagkakataon—magbabalik sa isip niya ang mga alaala; simula nang unang araw na puno ng pananabik, hanggang sa unti-unti nang alihan ng bagabag. Kumbaga’y isang matinding pagsusulit ng sarili—at pagpapasiya. Pagdating ng tatlo sa apat niyang estudyante, masosorpresa silang pumasok lang si Tser para magpaalam. Masosorpresa silang aalis na ang gurong nangakong hindi mawawala ano’t anuman. Ngunit, masosorpresa rin si Tser sa balitang kinidnap ang kaniyang estudyante. Ang pinakamahirap na tanong sa huli’y kung paano maaapektuhan ang binubuo niyang pasiya.

MGA TAUHAN

TEACHER ROSE, 21 anyos, full-time volunteer teacher sa bakwit iskul ng isang barangay sa Maragusan

ARVIC, 22 anyos, lalaking kabataang Lumad, Grade 10 student

MARIFE, 20 anyos, babaeng kabataang Lumad, Grade 10 student

IAN, 21 anyos, lalaking kabataang Lumad, Grade 10 student

JULIUS, 21 anyos, lalaking kabataang Lumad, Grade 10 student

TAGPUAN

Sa bakwit iskul ng isang barangay sa Maragusan. Kasalukuyan.

Payak ang kuwarto. Sa kapayakan, kapansing-pansing hindi talagang klasrum ang espasyo. May movable blackboard lang sa gitna. May mga fruit box—pinagpatong ang ilan—para magsilbing mesa, ang iba’y upuan. May

masining na pinta ang mga pader. May kumot na pinag-ubrang kortina sa bintana.

Papasok si TEACHER ROSE, ilalapag ang bag sa gilid ng mesa, ipapatong ang cellphone sa mesa. Susulat siya sa blackboard ng: LESSON. Hindi niya maitutuloy ang karugtong. Kukunin niya sa bag ang Mathematics textbook, bubunutin ang litratong nakaipit sa pagitan ng mga pahina. Uupo siya sa isang fruit box, pagmamasdan ang litrato.

ROSE(matipid na ngiti) : Ilang linggo na rin pala, Mama. Ang bilis. Parang yung biyahe lang papunta dito. Tinanong ko 'yung mamang nagdradrayb ng motor, kung ga'no katagal ang biyahe mula Maragusan. D'yan lang, malapit lang, sabi ng mamà. Di ko alam, Mama. Kung namaligno ba 'ko, o pa'no. O ganon lang ba 'ko kaeksayted? Parang d'yan lang nga. Parang ang lapit lang nga. Kahit ang totoo, tatlong oras akong nakaangkas sa motor. Dalawa hanggang tatlong oras kaming naglalakad sa bundok, patinga-tingala. Sama-sama kasi kaming naghahanap ng mga tanda. (Matatangay ng emosyon.) Saya rin! Naalala mo nung college, gustong-gusto kong mag-moutaineer? Parang nagawa ko na dito! Adbentyur siya, Mama! (Tatayo.)

Magpapalit ang timpla ng ilaw, indikasyon ng balik-tanaw. Papasok sina ARVIC, MARIFE, IAN at JULIUS, uupo sa kani-kaniyang fruit box.

ROSE : At ang sapa, Mama! (Gagawin ang aksiyon.) Tumawid kami ng sapa! Pagdating, sabi ng head teacher na sumalubong, magpatuyo raw muna. O magpalit kaya. Ang kulit ko rin, e. Sabi ko, hindi na ho, sabak na. (Tatawa.) Parang ayaw pang burahin ng katawan ko ang sobenir ng adbentyur, Mama. Kaya 'yon, basang sisiw ako sa first day ko.

Mabilis na hihilahin ni ARVIC ang kortina.

ARVIC (iaabot ang kortina kay ROSE): Baka magkasakit ka, Tser.

ROSE (titingnan ang kortina, mapapangiti): Uy, salamat.

MARIFE: E, kortina kaya yan. Kaw talaga, Arvic.

Mapapakamot ng batok si ARVIC.

JULIUS : Oo nga. Nakakahiya kay Tser.

IAN : Ang alikabok na n'yan.

ROSE : Hindi. Okey lang. Ang swit nga.

Isa-isang titingnan ni ARVIC nang may pagmamalaki sina MARIFE, JULIUS at IAN. Iiwas ng tingin sina IAN at JULIUS.

MARIFE: A, basta. (Mapapatitig kay ROSE.)

ROSE (ngingiti): Kyut n'yo naman.

MARIFE: Tser...

ROSE : O?

MARIFE: Ikaw ba talaga ang titser namin?

ROSE : Oo naman. Bakit mo natanong... (mumuwestrang nagtatanong ng pangalan)?

MARIFE: Marife. Kasi, parang ang bata mo pa.

IAN : Oo nga, Tser. Ilang taon mo na ba?

ROSE : Ha? Twenti-wan. Kayo ba?

Isa-isang magbabalingan at magsisiiwas ng tingin ang apat na estudyante.

ROSE : Sige, ganito. Isa-isa tayong magpakilala, ha? (Bubuwelo.)
Ako nga pala si Titser Rose, twenti-wan. Math ang tinapos ko.

(Mumuwestra kay ARVIC na sumunod.)

ARVIC : A... Arvic. Sikstin. Greyd ten.

IAN : Mukha mo! Lokohan?!

MARIFE: Twenti-tu na yan siya, Tser.

ARVIC : Ba't may nakakaalam ba sa inyo? (Kay MARIFE.) Ikaw? (Kay IAN.) Ikaw? (Kay JULIUS.) Ikaw?

ROSE : Teka, ano ulit yon?

IAN : Kasi, Tser, kaming lahat, hindi naman namin alam ang bertday namin.

ROSE : Paanong—

MARIFE: Hula lang lahat ng eyj namin, Tser. Tantiyahan ba.

JULIUS : Tser... Di ba Mat titser ka?

ROSE (masasabik): Ha? Oo!

JULIUS : Baka pwede mo kaming turuang kompyutin, yung totoong eyj namin?

MARIFE: Oo nga, Tser. Para hindi na hula-hula.

ROSE : Pwede naman. May paraan. Pero, sa ngayon, ayos lang ba kung 'yun munang alam n'yo?

MARIFE: Sige. Ako si Marife. Twenti. Pero filing ko talaga, Tser, twenti lang talaga ako.

ARVIC : E, ano naman? Ang tanda mo pa ring greyd ten!

MARIFE: Maski pa! Mas bata pa rin ako kay Tser nang... isang taon!

ROSE :O, sige na. Awat na, awat na. (Mumuwestra kay IAN.)

IAN : Ian, Tser. 'Lam n'yo na.

JULIUS: Sabihin mo na, 'tol. Twenti-one!

MARIFE &

ARVIC : Greyd ten!

JULIUS: Julius, Tser. Seym-seym.

Tatawa ang lahat.

ARVIC (kay ROSE): E, Tser...

ROSE : Ano yun, Arvic?

ARVIC : 'Wag na, Tser. Nakakahiya.

IAN : Nahiya ka pa!

ARVIC : Bakit? Bawal?

ROSE : Sabihin mo na. (Ngingiti.)

ARVIC : Sana magtagal kayo dito, Tser.

ROSE : 'Kaw talaga, Arvic. Kakarating ko pa lang, pag-alis ko na agad ang nasa isip mo. Ito nga, o, basa pa 'ko.

ARVIC : E, pa'no Tser, nakita ko (ingunguso ang cellphone sa mesa) may selpown ka.

ROSE: O? Ngayon?

Sisikuhin ni ARVIC si JULIUS para ituloy ang gustong sabihin.

JULIUS: Wala kasing signal dito, Tser.

MARIFE: Wala nga tayong koryente, e.

ROSE : E, ano naman?

IAN : Pa'no na Tser yung boypren mo?

ROSE : Walang ganon-ganon, okey?!

ARVIC : E, yung pamili mo?

ROSE: E... (Mapapahinga nang malalim.) Naiintindihan naman nila.
Na... titser ako.

MARIFE: Waw, lodi!

IAN : Oo nga.

JULIUS : 'Wag kang mag-alala, Tser. Kahit walang signal, unli-tubig naman tayo dito.

MARIFE: Kaya unli-ligo din! Teynkyu, sapa!

ARVIC : Saka, Tser, unli din ang fuds. Anong gusto mo? Menggo? Jakfrut?

ROSE : Kahit ano. Kayo talaga!

ARVIC : Basta, Tser, a. Pramis, hindi ka mawawala. Tuturuan mo pa kami, Tser.

ROSE (may riin): Oo. (Itataas ang kanang kamay.) Pramis. Pero, teka. (Mamasdan ang paligid.) Ang alam ko, ang sabi sa 'kin bago ako pumunta dito, mga walo raw kayo...

Mag-iiwasan ulit ng tingin ang mga estudyante.

ROSE (pabiro): Parang kayo naman yata ang umaalis?

MARIFE: Hindi, Tser. Kasi... (Sa mga kasama.) Uy, kayo na nga.

IAN : Gusto rin naman nilang mag-aral. Kaya lang, 'yung iba, tutulong na lang daw sa perents nila. Sa pagtatanim ba. Wala naman daw mangyayari sa 'min dito sa bakwit iskul. Sa pagtatanim daw, atlist, may frut.

ARVIC : 'Yung isa, Tser. Sumama na do'n. (Lilingon.) Sa bundok. Nakakapagod na raw kasing matakot.

JULIUS: Sana, Tser, kahit apat lang kami, tuloy pa rin.

ROSE : Oo naman. Walo, apat, kahit ilan 'yan. Kahit ilan lang. Mag-aaral tayo.

Ipapahiwatig ng ilaw ang pagbabalik sa kasalukuyan. Tutok ang ilaw kay ROSE.

ROSE (balik sa litrato): Isang linggo akong umiyak, Mama. Iniyakan ko ang signal. Iniyakan ko ang koryente. Sabihin nang mahirap, pero city girl pa rin 'tong dalaga mo, 'no! Iniyakan ko ang layo ko sa atin. Iniyakan ko ang mga unang araw ko, na pag kausap ang marami sa komyuniti, para kaming pipi. Senyasan nang senyasan, Mama. Naimadyin mo ba? Ang yaman nila sa K at W. Wala akong maintindihan. Pero, the show must go on, ang sabi nga. Ganon din siguro sa pagiging titser, Mama. I reminded myself na, mas malaki ang goal ko dito. Na hindi ako pumunta dito para umiyak lang. Dati, isa lang akong hamak na volleyball fan. Nakikimiron. Hanggang umabot sa kasama na ako sa mga sumisigaw ng, Animo!, tuwing may game. Salamat sa iskolarsyip. Akala ko nga nu'ng umpisa, mao-OP ako; na wala akong lugar sa eskuwelahan ng mga "conyo." Pero, mali ako Mama. Second year college ako nun, may exposure sa UCCP Davao. Mas lumawak ang tanaw ko. Sa kabila ng kalagayan natin sa buhay, ang kaunti pa lang pala ng nakita ko. May nakilala akong datu. Datu pero ni hindi marunong humawak ng bolpen. Tandang-tanda ko ang panawagan— kailangan nila ng guro. Sumagi man lang ba sa isip mong susunod ako sa yapak mo, Mama? Nangako akong babalikan ko sila. Kaya, 'eto...

Babalik ang ilaw sa modang balik-tanaw. Tatayo sa harap ng kani-kaniyang fruit box sina ARVIC, MARIFE, IAN at JULIUS.

ARVIC : Tser, Tser!

ROSE : Yes, Arvic?

ARVIC : Alam na namin!

ROSE : Ang?

Tatanguan ni ARVIC ang mga kasama.

IAN : Basta, Tser, relaks ka lang diyan.

Sabay-sabay kakantahin nina ARVIC, MARIFE, IAN at JULIUS ang “Pipit” nang may kasamang koreograpiya.

MAY PUMUKOL SA PIPIT SA SANGA NG ISANG KAHOY
AT NAHAGIP NG BATO ANG PAKPAK NG ISANG IBON
DAHIL SA SAKIT, DI NA NAKAYA PANG LUMIPAD
AT ANG NANGYARI AY NAHULOG, NGUNIT PARANG
TAONG BUMIGKAS,
“MAMANG KAY LUPIT, ANG PUSO MO’Y DI NA NAHABAG,
PAG PUMANAW ANG BUHAY KO, MAY ISANG PIPIT NA
HIYAK.”

ROSE (papalakpak): Ang galing!

Magbabalik ang ilaw sa kasalukuyan.

ROSE (Babaling.) Tinuro ko sa kanila ang kanta mo, Mama. Ang kanta natin. Gustong-gusto ko ‘yon pag kinakanta mo. Nung bata pa kami, bago ka pumasok sa trabaho. Nung malaki-laki na, pag hindi mapakali. Pag kabado sa eksam o pag hindi dalawin ng antok. Tinuruan ko sila—ng maraming bagay. Ang sarap nilang turuan. Nakalimutan nilang sabihin; hindi lang tubig, mangga, saging, jackfruit ang unli sa kanila. Unli rin ang kagustuhan

nilang matuto. (Magpupunta sa blackboard, magsusulat ng trigonometric equation.)

Nasa balik-tanaw muli ang ilaw. (TALA: Simula sa bahaging ito, bagaman nasa balik-tanaw, panaka-nakang ibabato ni ROSE ang mga linya sa kaniyang Mama.) Magtataas ng kamay si ARVIC.

ROSE : Yes, Arvic?

ARVIC : Tser, ano ba'ng gamit ng SohCahToa trigonometric function sa buhay namin?

ROSE (mapapaisip): A... parang ganito. Nakita mo yung flag natin sa labas? Pwede nating sukatin do'n ang shadow natin.

ARVIC : (mamamangha): Talaga? Tapos, Tser?

ROSE : Pwede nating gamitin 'yon para malaman ang oras.

ARVIC : Waw. Sige nga, Tser. Gawin natin.

Pangungunahan ni ROSE ang pagsukat, saka ipapaubaya kay ARVIC ang gawain.

MARIFE (sa sarili): Sayantipik...

IAN (sa sarili): Objektib...

JULIUS (sa sarili): Kritikal...

ROSE : Sa mga bagay-bagay, Ma.

ARVIC (kay ROSE): Anong gamit n'yan sa buhay namin, Tser?

ROSE : At 'yon na ang laging tanong sa bawat lesson. Praktikal na kaalaman ang prayoriti.

Mula pagsukat ng anino, lilipat ang mga estudyante sa pagsukat ng parihabang espasyo.

IAN : Namesyur na namin ang pond, Tser.

ROSE : Narekord mo, Marife?

MARIFE: Yes, Tser. Nandito na lahat. (Iwawasiwas ang notebook.)

ROSE : Berigud!

JULIUS : Grabe, Tser.

ROSE : O?

JULIUS : Pa'no kaya namin mamemesyur ang mga lupang nakamkam sa 'min, Tser? Ilang piye na kaya?

IAN : Di na 'yun kayang sukatin, 'tol. (Tatawa.)

ROSE : Sa Technology and Livelihood Education, hindi na lang basta mga linya at numero sa teksbuk ang sinusukat, ang kinokompyut nila.

IAN : Pa'no ba kompyutin ang oversupply ng menggo? Ng jakfrut? Ha, Tser?

Magsusulat ng mga formula sa blackboard si ROSE.

ROSE : Hindi na lang tunay nilang eyj ang bumabagabag sa kanila, o kung paano ito makokompyut. Habang nakatanaw sa bundok, kinokompyut rin ng isip nila kung—

ARVIC (nakatanaw sa malayo): Pa'no na kaya ang ekonomiya naming mga Lumad, Tser?

ROSE : At kung sa ibang eskwelahan, nilalaro-laro lang ang MAPEH, sa bakwit iskul, totoong buhay ang inaatupag.

(Maaaring sabayan ng koreograpiya nina ARVIC, MARIFE, IAN at JULIUS ang parteng ito.)

ROSE: Level 1...

MARIFE: Paunang lunas.

ROSE: Level 2...

IAN: Acupuncture.

ROSE: Level 3...

JULIUS : Pag-opera ng cyst.

ARVIC : (imumuwestra nang may pilyong ngiti): At pagtutuli!

ROSE: Kahit ang titser, kasama sa treyning. (Masasabik.) Pag nagka-baby boy nga ako, pwedeng ako na ang tumuli sa kanya. Nakapag-opera na ako ng cyst, sa isang elder sa komyuniti. Isang uri ng bulaklak lang ang gamit naming anestisya. (Sasapuhin ang pisngi.) Umaatake na naman ang ngipin ko. Shet.

MARIFE (may iaabot na bigkis ng mga dahon): Mayana ang katapat ng masakit na ipin, Tser. Wala nang mepanamik-mepanamik.

ROSE : Ang maganda, hindi one-way ang proseso. May nakukuha sila sa 'kin, may nakukuha rin ako sa kanila. (Kay Marife.) Salamat, Marife.

ARVIC (may bitbit na dalawang kaldero): Redi na, Tser?

ROSE : Redi!

ARVIC : Asukal (iaangat ang kaldero) plas panis na kanin (iaangat ang isa pang kaldero) ikwals, pertilayser!

ROSE : Tinuruan ko sila—ng maraming bagay. Pero ba't ganon... parang mas natututo ako.

IAN : Ang saya naman, Tser.

ROSE : Ang saya nga.

IAN : Hindi nga, Tser. Ang saya.

ROSE : (malilito) Ha?

MARIFE: Kasi, Tser, tanda na raw niya.

IAN : Uy, o. Gago talaga neto. (Mapapahiya.) Sori, Tser.

JULIUS : Sabihin mo na kasi, 'tol.

ARVIC : Baka mapanis yan, parang 'tong kanin.

IAN : Kasi... akala namin, leyt na kami, Tser. Tingnan mo nga si Arvic, matanda pa sa 'yo.

ARVIC : Nandamay pa talaga!

MARIFE: Alam namin, Tser, marami pa kaming kakaining bigas sa estadis pero, di namin ramdam.

IAN : Nahirapan ka ngang magmesyur.

MARIFE: Sira!

IAN : Biro lang. (Kay ROSE.) Tsaka, Tser, filing namin, pantay-pantay. Walang mas magaling.

ROSE : Kaya tama rin na wala tayong ranking. Walang pers-pers onors.

JULIUS : Lahat na lang kami, Tser, pers!

ROSE : Oo naman! Lahat kayo, may kanya-kanyang galing. Maganda yan. Para pag gumradweyt kayo, may mga Lumad na titser na. Kayo na ang tatawaging "Tser." (Lalapit sa blackboard para burahin ang mga nakasulat maliban sa LESSON.)

Lalabas sina ARVIC, MARIFE, IAN at JULIUS.

ROSE : Tama sila, e. Pantay-pantay. Lahat sila, pers. Walang boses na mas dominante. Ang laging hinahanap namin, kung ano ang tingin ng lahat. Ito yung buhay na sobrang simple, pero kontento.

Lalamlam ang ilaw ng entablado.

ROSE : Pero ‘yung simpleng buhay... ‘yun din ang ginugulo.

Papasok sina ARVIC, IAN at JULIUS. Isa-isa silang ngingitian ni ROSE;
ngunit walang maka-tingin nang tuwid.

ROSE : O, parang may kulang.

JULIUS (lilingon-lingon): Wala, Tser.

ROSE : Wala?

IAN : Meron ba, Tser?

ROSE : Talaga?

Mapapayuko lang si ARVIC.

ROSE : Si Marife? Absent?

IAN : Nat piling wel, Tser.

ROSE (di-kumbinsido, pero): Okay... Sige...

Sisiku-sikuhin ni ARVIC si IAN, makikita ito ni ROSE.

ROSE : May kailangan ba ‘kong malaman?

IAN : Wa—

ARVIC : Sab—

ROSE : Di ba, mahalaga sa atin ang tingin ng lahat?

ARVIC : Ano kasi, Tser, si Marife ayaw nang payagan ng nanay niya.

ROSE : Para magtanim na lang din?

JULIUS: O—

ARVIC : Hin—

ARVIC : Hindi, Tser. Hindi mo nabalitaan ang nangyari sa Caragan, Tser?

Titingnan lang ni ROSE si ARVIC na parang sinasabihang ituloy lang ang kuwento.

ARVIC : Pinagbabaril ng mga militar ‘yung bakwit iskul do’n.

ROSE (nagtitimpi): Pinagbabaril?

IAN : O— (Mapapatingin kay ARVIC.)

Tatanguan ni ARVIC si IAN para magpatuloy.

IAN : Oo, Tser.

ROSE : Wala naman sanang nasaktan o...

IAN : Wala naman, Tser.

ROSE : Gud.

JULIUS (may kimkim na galit): Nanindak lang daw talaga, Tser.

ROSE : Bakit daw?

ARVIC : Di ka ba nagtataka, Tser? Kung bakit twenti-tu na ako, pero Greyd 10 pa rin?

ROSE : Umm... dahil wala kayong akses sa mga eskwelahan.

JULIUS : May eskwelahan kami.

IAN : Pinapasara lang nila.

ROSE : Bakit gan'on?

IAN : Wala raw permit.

ROSE : Impossible.

JULIUS : Impossible talaga, Tser.

ARVIC : Kaya kami tumandang Greyd 10. Ayaw nila kaming matuto.

ROSE : Karapatan n'yo 'yon.

ARVIC : Tser! 'Wag n'yo sasabihin sa kanila ang salitang yan.

IAN : Oo, Tser. Alerdyik sila sa salitang karapatan.

JULIUS : Kaya pinagbabaril'yung iskul sa Caragan.

ROSE : (may panunuya ang tono): Dahil sa karapatan?

ARVIC : Dumating kasi ang mga militar. Nagkampo sa iskul, Tser.

ROSE : Tapos...

ARVIC : May estudyanteng nagtanong. Ang sabi, "Ser, di ba dapat 5,000 meters ang layo sa komyuniti?" (paki-confirm po ito, 5,000 meters ay 5 kilometers, parang masyadong malayo).

IAN : "Ano?!" Nandilat daw'yung militar, Tser.

ROSE : E, tama naman'yung estudyante. Yun ang sinasabi sa International Humanitarian Law.

JULIUS : 'Yan nga ang katwiran nung estudyante, Tser.

IAN : Nagpalakpakan daw ang mga militar.

ARVIC : Ang tatalino n'yo! Dahil 'yan sa tanginang Lumad iskul! Sabi raw, Tser.

ROSE : Ang sama nila.

ARVIC : Hindi pa do'n natapos, Tser. Tinuturuan daw kami para maging rekrut—ng NPA.

IAN : Kaya ang dapat daw sa mga bakwit iskul, sinusunog.

JULIUS : Doon naglabas ng baril yung militar na nandilat. Nagpapatok nang nagpapatok, Tser. Malas na lang ng tamaan.

ROSE : Kaya wala si Marife.

ARVIC : Oo, Tser.

IAN : Nung marinig ng nanay niya ang kuwento, sinabihan niya si Marife. Sa bahay na lang daw. Delikado raw mag-aral.

JULIUS : Nawala na nga raw ang tatay ni Marife dahil sa mga militar. Pati ba naman daw si Marife...

Ipapahiwatig ng ilaw ang pagbabalik sa kasalukuyan.

ROSE : May 219 Lumad schools na nagkalat sa Mindanao, Mama. Walumpu't walo na ang naipasara ng mga militar. Madalas nilang paratangang walang permit. Ang iba, basta na lang nilang sinusunog. Sa Socsargen, sa CLANS area, sinunog nila ang cottage ng mga titser. Alam ko ang mga kuwento, Mama, bago pa nila kinuwento. Ramdam ko lang na kailangan nilang magkuwento. Para maglabas ng pangamba... ng galit. Kaya hinayaan ko.

Magpapalit muli ang ilaw para dalhin si ROSE sa balik-tanaw. Uupo sa kani-kaniyang fruit box sina ARVIC, IAN at JULIUS. Papasok si MARIFE.

ROSE (masosorpresa): Marife!!! Nandito ka! Nandito ka na ulit!

MARIFE: Namiss kita, Tser.

ROSE (mapapangiti): Talaga ba?

ARVIC (kay MARIFE): Si Tser lang talaga?

MARIFE: Oo!

ARVIC : Si Ian, hindi mo namiss?

MARIFE: Ang gago mo! Namiss.

ARVIC &

JULIUS : Ayiii!!!

MARIFE: Okey na?

ROSE : Pa'no mong napapayag ang nanay mo?

MARIFE: Ako pa, Tser! 'Wag mo 'kong ismolin.

ROSE : Di nga.

MARIFE: Nagulat din ako sa nanay ko, Tser. Lalo ngayon, unli rin ang mga kuwento.

ROSE : Mga kuwento?

MARIFE (magdadalawang-isip): Ay... 'wag na, Tser. Baka...

IAN : 'Wag mong ismolin si Tser.

MARIFE: Hindi, 'wag na lang.

JULIUS : Sige na!

ARVIC : Saan ba kasi? (Naiinip.) Wala naman 'yan.

MARIFE: Meron! Sa Tagog kaya! Yung pinsan ko!

ROSE : May indiscriminate firing din?

MARIFE: Meron, Tser. Pero may iba pang sindakan. Depende sa trip ng militar.

Tatayo sina ARVIC, IAN at JULIUS na parang mga tauhang bahagi ng kuwento ni MARIFE.

MARIFE: Nung umpisa, nasa labas lang ng klasrum, pasilip-silip.

ARVIC (astang sundalo): O, may naligaw bang kaaway?

MARIFE: Ho?

ARVIC : Yung mga taga-bundok?

Hindi makakakibo si MARIFE.

ARVIC : Kayo, hindi ko rin maintindihan kung nag-aaral ba talaga kayo o nag-aastang mangmang lang talaga. (May kawalan ng pasensiya.)
Mga NPA!

MARIFE: Wala naman hong naligaw, ser.

ARVIC : Talaga?

Tatango lang si MARIFE.

ARVIC : Kahit minsan?

MARIFE: Kung meron man, ser, nanghihingi lang ng tubig, ng konting pagkain.

ARVIC : Binibigyan n'yo naman.

MARIFE: E, kasi ser—

ARVIC : E, kasi isa kayo sa kanila, ha!

MARIFE (halos naiiyak na): Hindi ho!

ARVIC : Siguruhin n'yo lang, (patuya) titser.

MARIFE (kay ROSE): Ilang araw daw pagkatapos, nasa loob na sila, Tser.

ROSE : Oo?

MARIFE: Parang bisor. Humihila ng silya. Pwepwesto sa harap.

Gagawin ni IAN ang eksekusyon.

IAN : Magaling ba si titser n'yo?

MARIFE: Walang makatingin. Tumatango pero nakayuko.

IAN : Parang ang dudungo ng mga estudyante mo, titser. Parang tama ngang ipahinto na natin 'tong bakwit iskul na 'to.

MARIFE: Hindi naman ho, ser. Ninenerbiyos lang siguro. Ano lang ho...

IAN : Ninenerbyos? Anong ikakanerbyos nila? Anong ikakanerbyos mo titser?

MARIFE (haharap sa mga imahinaryong estudyante): Sige, class. Simula na tayo? Our lesson for today—

IAN : Ano nga bang lesson natin? Parang gusto ko, Math.

MARIFE: MAPEH kasi kami today, ser.

IAN : (may banta sa tono): Di pwedeng Math?

MARIFE: May sinusunod ho kasi—

IAN : Parang gusto ko kasing magbilang. Gusto kong magbilang ng...
(Hahawakan ang baril, sa paraang dinidisplay sa mga estudyante.)
bala.

MARIFE: Ser, pakitabi na ho. Hindi lang ho makapokus ang mga
estudyante.

IAN : Hindi, hindi, magma-Math nga kami. Ang kulit rin ng tuktok
mo, Ttser.

Mahahawi sa pagkakatayo si MARIFE.

IAN (sa mga imahinaryong estudyante): Subukan nga natin ang galing
n'yo. Kung meron akong walong bala (iaangat) dito sa baril
ko; pero gusto kong bawasan ng isa (ituturo ang baril sa ulo ni
MARIFE)...

MARIFE: Ser, maawa kayo, ser.

IAN (iiling-iling): Ilan ang matitira? (Pasigaw.) Sagot!

MARIFE (kay ROSE): Hanggang sa susundo sila ng iba pang students
para sa bording iskul, Tser. Di pa rin tinigilan. May harang.

ROSE : Checkpoint?

Tatango si MARIFE. Si JULIUS ang aarteng sundalo.

JULIUS : Saan sila, mam?

MARIFE: Sa boarding school ho, ser.

JULIUS : Alam ko ho. Pero 'yang mga kabataang kasama n'yo?

MARIFE: May parent's consent ho sila.

JULIUS : Talaga?

Iaabot ni MARIFE ang isang envelope na may lamang mga papel. Padaskol itong aabutin ni JULIUS at titingnan.

JULIUS : Wala ito, mam. Di ito ang kailangan.

MARIFE: Paano ho ba, ser? ‘Yan na ho ‘yon, e. ‘Yung consent.

JULIUS : E, hindi nga ho valid.

MARIFE: Paano ho ang mga bata?

JULIUS : Basta ho hindi sila pwedeng pumasok dito.

MARIFE: Ho?

JULIUS : Pauwiin n’yo na sa kanila.

MARIFE: Mag-aaral ho ang mga ito, e. Baka naman pwedeng—

JULIUS : (May diin): Mam. ‘Wag na kayong magpilit. Pwede namin kayong kasuhan sa ginagawa n’yo, alam n’yo ba?

MARIFE: Ano ho? Kasuhan?

JULIUS : Human trafficking.

MARIFE (hindi makapaniwala): Guro lang ho ako, ser.

Gugulatin ni ARVIC si MARIFE, ngunit si ROSE ang higit na magugulat. Lalabas sina ARVIC, MARIFE, IAN at JULIUS.

Magpapalit ang timpla ng ilaw para dalhin ang diwa ni ROSE sa kasalukuyan.

ROSE : Under surveillance kaming Lumad teachers, Ma. Biktima ng red-tagging. Kinakasuhan ng human trafficking. At para ano? Pag nakulong kami, sasabihin, NPA ‘yan. Pag napatay kami, idadahilan ngayon na uso, sa drug war ‘yan. Sinong lolokohin nila? Ayaw nila ang mga bakwit iskul dahil ayaw nilang may aalma.

Ayaw nilang matutuhan ng mga Lumad ang salitang “karapatan.” Para madali silang maitataboy sa lupaing kanila naman talaga. Kaya sinusunog ang mga bakwit iskul. Kaya dinadahas ang mga guro. Gaya ni Jolita Toledo. Alam mo ba ang sabi ng marines sa Socsargen Area tungkol sa kanya, Ma? Murder daw ang kaso niya. Pinatay raw niya ang labintatlong marines. Sa liit kong ito, mas matangkad pa ako kay Teacher Jolita. Pero labintatlong tao raw ang pinatay. Imadyin?! Kaya ‘yun, dinakip siya, dinala sa Isulan. Walang makadalaw kundi kamag-anak. Walang makadalaw ng titser sa takot na hindi na makabalik...

Mapapaupo si ROSE, mapapayuko. Papasok sina MARIFE, IAN at JULIUS, may lumbay sa mukha nila.

IAN (kay ROSE): Tser? Okey ka lang ba?

Mapapatango lang si ROSE.

JULIUS (mamamasdan ang blackboard): Sigurado ka, Tser? Bakit wala tayong lesson sa bord? Mapapatingin si MARIFE sa bag na nasa gilid ng mesa.

ROSE : A... Kasi—

MARIFE: Bakit ka may dalang bag, Tser?

IAN : Aalis ka?

JULIUS: Akala ko ba, dito ka lang.

MARIFE: Di ba tuturuan mo pa kami, Tser.

Katahimikan.

ROSE : Sori. Mali ang computation ni Teacher Rose. Math teacher pa naman. Akala ko, kaya ko... Akala ko. Alam n’yo ba, paggradweyt ko no’n, ‘yung barkada ko, sa private schools nagpunta. Doon sila nagturo. Doon daw kasi ang opportunities. Nakangiti lang

ako habang nagtatanungan sila. Buong-buo kasi sa isip ko kung saan ko gustong magpunta—sa Lumad school. Sa isang Lumad school ako magtuturo. Pagdating ko dito, nang makilala ko kayo, shet sabi ko. Hindi ako nagkamali. Oo, walang signal, walang koryente. Oo, apat na libo lang na allowance ang tatanggapin ko buwan-buwan. Oo, isang beses sa isang taon ko lang makakasama ang pamilya ko. Pero, sabi ko, dito, dito ako gagaling bilang guro. Nandito ang pinakamagagaling na estudyante. Dito ako kailangan. Araw-araw ko itong nararamdaman, tuwing nag-aaral at natututo tayong magkakasama, o kahit naglolokohan lang. Araw-araw ko itong nararamdaman kahit araw-araw rin akong natatakot. Pero ang mga kuwento, parami nang parami. Palapit na sila nang palapit. Baka bukas, kuwento na lang din ako. Kuwentong iiyakan, pagpapasa-pasahan sa mga barangay. Fifty-four years old ang nanay ko nang magpunta ang mga militar sa bahay namin. Titser din siya. Kinaladkad nilang palabas ang nanay ko, ang nanay kong may sakit sa puso. Tapos, tinutukan ng mga militar ang mga batang kapatid kong humahabol kay Mama. Hindi na namin siya nakita. Nawalan na ng nanay ang mga kapatid ko. Ayaw kong pati ako... mawala sa kanila. Oo, may dala akong bag, Marife. Gusto ko lang sana kayong makita bago ako umalis.

IAN : Sori, Tser.

JULIUS : Naiintindihan namin, Tser. Di naman 'to perstaym nangyari.

ROSE : Salamat. Pero malay natin, baka kailangan ko lang pag-isipan pa. Baka, babalik din naman ako.

IAN : Okey lang, Tser. Nandito lang kami.

ROSE (may mapapansin): Teka, si Arvic?

Katahimikan.

ROSE : Nasa'n nga?

MARIFE: Nakidnap, Tser.

ROSE : Ha?

JULIUS : Napag-initan ng militar. Pareho rin ng mga kuwento. Sumagot.
Nagsabi ng karapatan.

IAN : Ang totoo, Tser, kaya lang kami pumasok para magpaalam
sanang aabsent muna kami.

ROSE : Bakit?

JULIUS : E, Tser, walang nakakaalam kung saan dinala ng mga militar si
Arvic. Tutulong kami sa paghahanap. Sa mga barangay ba. Sa mga
liblib.

IAN : Sige, Tser. Maiwan na namin kayo.

Maglalakad papuntang pinto sina IAN, JULIUS at MARIFE.

MARIFE (lilingon): Pero, Tser. Di ba, kapatid mo rin kami? (Malungkot
na ngiti.)

Maririnig ang marahang musika (wala ang liriko) ng “Pipit,” partikular ang
mga linyang:

MAMANG KAY LUPIT, ANG PUSO MO’Y DI NA NAHABAG
PAG PUMANAW ANG BUHAY KO, MAY ISANG PIPIT NA
IIYAK.

ROSE : Sandali.

IAN : Tser?

ROSE : Hintay.

W A K A S